Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region VIII
**DIVISION OF CATBALOGAN CITY**

20 ng Agosto 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 300 s. 2018**

**MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Para sa : Chief ng Curriculum Implementation Division
Mga Pampurok na Tagamasid
Punongguro ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya at Sekondarya

1. Sa Memorandum Pangkagawaran na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon Blg. 119 serye ng 2018 hinggil sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang-31 ng Agosto sa pangunguna ng Komposisyon ng Wikang Filipino ( KWF ), isinasaad nito na layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. magganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Bilang pakikilahok sa pagdiriwang na ito, hinihikayat ang lahat ng mga pampubliko at pampribadong paaralan sa bansa na magdibuho ng mga gawaing angkla sa tema ng pagdiriwang na **Filipino: Wika ng Saliksik** at lingguhang paksa na nakapaloob sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018. Inaasahan ang pag-oorganisa ng mga panayam, presentasyon ng mga saliksik, forum, lektyur at iba pang gawain. Samantalang, nererekomenda ang timpalak Iispel Mo! ng KWF.

3. Mahalagang nakaayon ang mga timpalak sa mga pamantayang pagganap (performance standard) ng kurikulum upang makita ang bisa nito. Mula sa konsultasyon sa mga panrehiyong tagamasid ng Filipino, narito ang opisyal na timpalak ng Kagawaran ng isasagawa mula sa mga paaralan, dibisyon at pangrehiyonal na programa. Samantalang, iaangkla sa timpalak ng National Festival of Talents (NFOT) ang pangnasyunal na timpalak nito.

| | |
|---|---|
| Para sa Baitang 4 – 6 | : Madulang Pagkukuwento |
| Para sa Baitang 6 | : Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) |
| Para sa Baitang 7 – 10 (JHS) | : Interpretatibong Pagbasa |
| Para sa Baitang 11 – 12 (SHS) | : Dagliang Talumpati |

4. Ipinapaalala rin ang isinasaad ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 2018 hinggil sa kabuuang bilang ng klase.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Curriculum Implementation Division (CID) **c/o Florita L. Lee,** EPS Filipino, Sangay ng Catbalogan City.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CRISTITO A. ECO, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

DEPED DIVISION OF CATBALOGAN CITY RELEASED No. 300 8/22/18 BY: JOY C. CONTRIDAS OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT

Kalakip : Wala
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran, Blg 119 s. 2018
Kautusang Pangkagawaran, Blg. 25, s. 2018
Pamamahagi: 1-2-3 ( D. O. 56-97 )
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

**PAGDIRIWANG / PISTA  PALIGSAHAN  KURIKULUM  ASIGNATURA, FILIPINO**